Ito ay isang piraso lamang mula sa kanya.

Ayon kay `Alīy bin Ṭalaq, malugod si Allāh sa kanya, na nagsabi: Pumunta kami sa Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, at may dumating na isang lalaking para bang ito ay Arabeng-disyerto at nagsabi: "O Propeta ni Allāh, Ano po ang tingin mo sa lalaking humipo sa ari niya matapos siyang nagsagawa ng wuḍū'?" Nagsabi siya: "Ito ay isang piraso lamang mula sa kanya." O nagsabi siya: "isang bahagi lamang mula sa kanya."

[Tumpak] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Ang kahulugan ng ḥadīth: "ano po ang tingin mo sa lalaking humipo sa ari niya matapos siyang nagsagawa ng wuḍū'?" Nangangahulugan ito: Ano ang inobliga sa lalaki ng Batas ng Islām kapag hinipo niya ang ari niya matapos magsagawa ng wuḍū', may pananagutan ba siya? Sa isang sanaysay sa ganang kay Aḥmad: "Ang lalaki ay humipo ng ari niya sa ṣalāh, tungkulin ba niyang magsagawa ng wuḍū'? Nagsabi siya: "Hindi; ito ay bahagi mo." Ang "Ito ay isang piraso lamang mula sa kanya" ay nangangahulugang: Ang ari ay gaya ng nalalabing mga bahagi ng katawan. Kaya kapag hinipo ng nakapagsagawa ng wuḍū' ang kamay niya o ang paa niya o ang ilong niya o ang ulo niya, hindi nasisira ang wuḍū' niya dahil doon. Gayon din kapag hinipo niya ang ari niya. Ang ḥadīth na ito ay alin sa dalawa: pinawalang-bisa o maipakakahulugang ang paghipo ay sa likod ng harang. Tungkol naman sa pagkakadiit ng ari sa kamay, nasisira ang wuḍū' batay sa ibang mga ḥadīth. Subul As-Salām 1/96, Fatḥ Dhi Al-Jalāl wa Al-Ikrām 1/259, at Tashīl Al-Ilmām 1/185.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8396